Amyenda sa Plano ng Pagkilos sa Hurricane Ida (APA) 9

Ang lahat ng interesadong tao ay maaaring magsumite ng mga komento sa Amyendang ito sa pamamagitan ng website sa pamamagitan ng **pag-click dito**, sa pamamagitan ng email sa rhcinfo@hcr.ny.gov, o sa pamamagitan ng koreo na nakapangalan Office of Resilient Homes and Communities, ATTN: Public Comments, 641 Lexington Avenue (5th Floor), New York, NY 10022. Ang panahon ng pampublikong komento para sa APA 8 ay magtatapos sa 10/17/2026 sa ganap na ika-5:00 p.m. EST. Ang mga komentong matatanggap pagkatapos n 5:00 p.m. EST sa 10/17/2026 ay hindi isasaalang-alang.

Ang mga kopya ng lahat ng mga plano ng aksyon at mga amyenda ay magagamit nang walang bayad sa sinumang humihiling ng mga kopya sa rhcinfo@hcr.ny.gov. Ang mga dokumentong ito ay maaari ring ma-access sa aming website sa pamamagitan ng pagbisita sa sumusunod na link: Resilient Homes & Communities - Action Plans & Amendments | Homes and Community Renewal (ny.gov). Para sa access sa wika at mga kahilingan sa pagsasalin, mangyaring makipag-ugnayan sa rhcinfo@hcr.ny.gov.

Tinutugunan ng APA 9 ang mga sumusunod na item:

A. **Pagiging kwalipikado sa programang nakabatay sa aplikante:** Mga update para linawin na kung nagamit na ang lahat ng aplikasyon sa Mababa at Katamtamang Kita (Low and Moderate Income, LMI), maaaring isaalang-alang ang mga aplikasyong hindi LMI sa pakikipagkonsulta sa HTFC at upang maisulong ang Plano ng Aksyon. Mga update na ginawa sa seksyon ng Abstract; Pagsusuri ng Mga Hindi Natugunang Pangangailangan; Mga Pangkalahatang Kinakailangan; at Ipinapanukalang Paggamit ng Mga Pondo ng Tagatanggap.

B. Muling Paglalaan ng mga Pondo: Mga pag-edit upang ipakita ang iminungkahing muling paglalaan ng humigit-kumulang $2.8 milyon mula sa Ida Homeowner Recovery and Reimbursement (IHRR) at $13.7 milyon mula sa Renters Safe Housing Initiative (RSHI) Programs patungo sa Resilient Investments through Support and Capital (RISC) Program, na nagpapataas ng badyet nito mula sa humigit-kumulang $8.3 milyon patungo sa $24.7 milyon. Ipinapakita rin ng mga pag-edit ang mga iminungkahing pagsasaayos kung paano hinahati ang badyet ng lahat ng apat na Programa, pati na rin ang mga pondo para sa pangkalahatang pagpaplano, sa pagitan ng dalawang Child Grants, upang mapanatili ang pagsunod sa Mitigation set-aside at upang maglaan sa pagitan ng dalawang Child Grants (B-21-DF-36-0001 at B-22-DF-36-0001) ayon sa kung aling mga programa at tungkulin ang inaasahang makakatapos ng paggastos nang mas maaga. Inaayos ang mga pondo para sa IHRR batay sa bilang ng mga aplikante at inaasahang halaga ng mga gantimpala kasunod ng deadline ng aplikasyon at patuloy na mga pagtatasa ng pinsala. Ang muling paglalaan ng RSHI ay batay sa kasalukuyang bilang ng mga aplikante at bilis ng mga bagong aplikasyon habang papalapit ang deadline

ng Programa sa Marso 2026. Ang mga pondo ay muling inilalaan sa RISC program upang pondohan ang RISC-Infrastructure component na iminungkahi ng APA na ito. Mga pag-edit upang i-update ang mga proyeksiyon ng kinalabasan ng Programa para sa IHRR, RSHI at RISC batay sa na-update na badyet. Patuloy na susubaybayan ng RHC ang mga antas ng aplikasyon at ang aktuwal at inaasahang mga gastos at ia-update ang mga badyet ng Programa kung kinakailangan. Ang mga update ay ginawa sa mga seksyon ng Executive Summary, Housing Unmet Need, Program Budget, IHRR, RSHI, AHRI at RISC.

B. **Limitasyon ng kita ng Programang IHRR:** Mga pag-edit upang limitahan ang pagiging karapat-dapat ng Programa sa mga sambahayan na nasa o mas mababa sa 160% ng Area Median Income (AMI). Dahil sa pangkalahatang kinakailangan sa Benepisyo na gamitin ang 70% ng mga pondo ng grant upang makinabang ang mga taong Low and Moderate Income (LMI), ang mga gastusing pang-programa na nagsisilbi sa mga taong higit sa 80% AMI ay dapat limitahan upang matiyak ang pagsunod. Ang mga pondo ng CDBG-DR ay itinuturing na pondo bilang huling opsyon at hindi nilalayong gawing ganap ang kabayaran ng bawat nakaligtas sa sakuna. Isinasaalang-alang ng RHC na ang mga sambahayan na higit sa 160% AMI, na itinuturing na may mataas na kita, ay karaniwang mas malamang na nakakuha ng iba pang mapagkukunan ng pondo para sa pagbangon mula sa sakuna at/o nakayanan ang mga pagkalugi mula sa sakuna nang walang labis na paghihirap. Bibigyang-priyoridad ng RHC ang mga sambahayan ng LMI, kasunod ang mga aplikanteng higit sa 80% AMI at hanggang 120% AMI batay sa unang dumating, unang mapagsilbihan. Ang mga aplikanteng higit sa 120% AMI at hanggang 160% AMI ay pagsisilbihan mula sa pinakamababang kita patungo sa pinakamataas na kita hanggang sa maabot ng paggastos ng gantimpala ang 70% LMI na ratio para sa Programa sa kabuuan. Ang mga update ay ginawa sa mga seksyon ng Fair Housing, Civil Rights Data and Advancing Equity, Design Programs Protecting People and Property from Hardship, at IHRR.

C. **Pagbabayad ng DRRA exception subsidized loans sa Programang IHRR:** Humihiling ang RHC ng pag-apruba ng HUD sa pamamagitan ng mahalagang Amyenda sa Plano ng Aksyon na ito upang bayaran ang mga gastusing binayaran gamit ang mga subsidized loan na saklaw ng statutory exception ng Disaster Recovery Reform Act of 2018 (DRRA) sa Stafford Act, alinsunod sa mga kinakailangan ng 2019 Duplication of Benefits Federal Register Notice. Saklaw ng exception na ito ang mga subsidized loan na inilabas bago ang Oktubre 6, 2023 kaugnay ng mga idineklarang sakuna sa pagitan ng Enero 1, 2016, at Disyembre 31, 2021, na kinabibilangan ng Ida. Ina-update ng RHC ang pagsusuri nito sa hindi natutugunang pangangailangan sa pabahay upang ipakita ang natitirang kabuuang bilang ng mga yunit ng pabahay na may pinsala, batay sa bilang ng mga aplikante ng IHRR pagkatapos ng deadline ng aplikasyon ng Programa. Ang update na ito ay nagbibigay rin ng bilang ng mga karapat-dapat na sambahayan na hindi pa

napagsisilbihan na nag-apply sa IHRR program at tinutukoy kung paano pagsisilbihan ng Programa ang natitirang hindi natutugunang pangangailangan ng mga aplikanteng ito. Batay sa tinatayang pangangailangan ng sambahayan at magagamit na pondo, inaasahan ng Programa na magagawang pagsilbihan ang lahat ng pangangailangan, kabilang ang pagbabayad ng mga karapat-dapat na gastusing binayaran gamit ang mga subsidized loan, para sa lahat ng karapat-dapat na aplikante. Bagama't ang mga loan na ito ay subsidized, ang pagbabayad ng prinsipal at interes ay maaaring magdulot ng malaking pasanin para sa mga aplikanteng tumanggap nito, lalo na ang mga aplikanteng LMI. Ang mga update ay ginawa sa mga seksyon ng Housing Unmet Need at IHRR.

D. **Paglilinaw sa mga Karapat-dapat na Aplikante ng AHRI:** Pag-edit upang linawin na ang mga nonprofit na entidad ay karapat-dapat na mga aplikante, bukod pa sa not-for-profits. Ang nonprofit at not-for-profit ay may magkaibang legal na kahulugan, ngunit parehong palaging nilalayong maging karapat-dapat na mga aplikante para sa AHRI. Ang update ay ginawa sa seksyon ng AHRI.

E. **Bahagi ng RISC Infrastructure:** Mga pag-edit upang ipakita ang paglikha ng RISC-Infrastructure component ng RISC Mitigation program. Ang bahaging ito ay nagpopondo sa pag-install ng mga pag-upgrade sa mitigation sa pampublikong imprastraktura, mga pampublikong pagpapabuti at mga pasilidad ng komunidad na nagpapababa ng mga panganib ng pagbaha sa komunidad, lalo na ang mga dulot ng matitinding pangyayari ng ulan na katulad ng Hurricane Ida. Ang orihinal na Plano ng Aksyon ng Ida ay isinama ang RISC program bilang isang programa para sa mga pampublikong pasilidad at imprastraktura, bago ito binago bilang isang Mitigation Planning program sa unang Amyenda sa Plano ng Aksyon (APA 1) upang ipakita ang pinakamabisang paggamit ng limitadong pondo. Dahil sa kasalukuyang bilang ng mga aplikante at mga pangangailangan sa pondo sa mga programang batay sa aplikante ng RHC, IHRR at RSHI, natukoy ng RHC ang mga hindi pa naitalagang pondo na maaaring ituon upang tugunan ang patuloy, hindi natutugunan, at agarang mga pangangailangan para sa mitigation ng imprastraktura na tinukoy sa Pagtatasa ng Pangangailangan sa Mitigation ng Plano ng Aksyon na ito. Ang mga proyektong popondohan sa pamamagitan ng RISC-Infrastructure component ay tutugon sa uri, saklaw at lokasyon ng mga pangangailangan sa mitigation na may kaugnayan sa sakuna at iba pang kritikal na pangangailangan na tinukoy sa Pagtatasa na ito. Karagdagang mga pag-edit upang linawin na ang mga nonprofit na entidad ay karapat-dapat na mga aplikante, bukod pa sa mga not-for-profit. Ang mga update ay ginawa sa seksyon ng RISC.

F. **Mga Update upang ipakita ang mga nakaraang pagbabago ng APA sa pinakamataas na tulong:** Mga update upang ipakita ang na-update na pinakamataas na halaga ng tulong para sa IHRR (APAs 6 at 7) at RSHI (APA 5) sa talahanayan ng Program Budget. Mga update sa Grantee Proposed Use of Funds.